



Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon V
SANGAY NG MGA PAARALAN NG SORSOGON

Oktubre 18, 2021

PANSANGAY NA MEMORANDUM
Blg. 231, s. 2021

PANSANGAY NA PALIGSAHAN SA MALIKHAING PAGBASA

SA: Kawaksing Tagapamanihala
Hepe ng SGOD at CID
Mga Pansangay na Tagamasid
Mga Tagamasid Pandistrito
Punong Guro at Namumunong Guro
sa Antas Elementarya
Mga Guro sa Filipino

1. Alinsunod sa Panrehiyong Memorandum 100 at 106, ang Sangay ng Sorsogon sa pamamagitan ng Sangay ng Implementasyon ng Kurikulum ay magsasagawa ng PANSANGAY NA PALIGSAHAN SA MALIKHAING PAGBASA sa Nobyembre 9, 2021, ika-8:00 n.u. sa Casiguran Central School, Casiguran, Sorsogon.
2. Layunin ng paligsahan na maipamalas ng mga mag-aaral sa Baitang 5 ang kasanayan sa madulang pagbasa at ng mag-aaral sa Baitang 3 ang kasanayan sa masining na pagbasa.
3. Kalakip ng Memorandum na ito ang panuntunan at pamantayan ng paligsahan, lupon ng gawain at palatuntunan.
4. Tatlo ang tatanghaling panalo sa bawat patimpalak, una hanggang ikatlong puwesto. Tatanggap ng Gawad-Pagkilala ang kontestant at tagasanay, samantalang ang lahat ng kalahok ay tatanggap ng sertipiko ng paglahok. Ang mananalong **Unang Puwesto** sa Pansangay na Paligsahan ang siyang magiging kinatawan sa Panrehiyong Paligsahan sa Masining at Madulang Pagbasa.



Sorsogon Sports Complex, Sorsogon City, Sorsogon 4700
Landline: (056) 421-5415
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph



5. Ang anumang pagkakagastusan ng mga kalahok at komite sa paligsahan ay manggagaling sa pondong lokal/MOOE o iba pang pondo ng mga paaralan. Samantalang ang mga pagkakagastusan ng Sangay kaugnay ng paligsahan at gawain ay manggagaling sa MOOE ng tanggapan na parehong sasailalim sa nakagawiang pagsusuma at pagsusuri.
6. Mahigpit na itinatagubilin sa mga lalahok na sumunod sa tuntuning pangkalusugan at pangkaligtasan na itinakda ng Inter-Agency Task Force – Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) sa pagsasagawa at paglahok sa gawain.
7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng Memorandum na ito.


JOSE L. DONCILLO, CESO V
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

*Kalakip: Gaya ng nasasaad
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:
Kurikulum Pagdiriwang Paligsahan Filipino*

scavito/10182021



Sorsogon Sports Complex, Sorsogon City, Sorsogon 4700
Landline: (056) 421-5415
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph



PANSANGAY NA PALIGSAHAN SA MALIKHAING PAGBASA

Panuntunan at Pamantayan

A. KALAHOK

1. Bukas ang palisahan sa mga mag-aaral sa Baitang 3 para Masining na Pagbasa at sa Baitang 5 para sa Madulang Pagbasa.
2. Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang nanguna sa pangmunisipal na paligsahan o napiling kinatawan ng bayan. Isang kalahok lamang ang kailangan mula sa bawat bayan.
3. Ang kalahok ay may kasamang isang tagasanay o tagapayo.

B. PANUNTUNAN at PAMANTAYAN

B.1. MADULANG PAGBASA (BAITANG 5)

1. Ang piyesa ay ibibigay sa araw ng paligsahan.
2. Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon ng bawat kalahok sa madulang pagbasa.
3. Bibigyan ng pitong minuto (7) ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyessang bibigyan ng interpretasyon.
4. Habang nagtatanghal ang unang kalahok sa isang bukod na silid kasama ang 3 hurado, at 1 timer, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na magtatagal rin ng pitong minuto sa isa pang bukod na silid. Gagabayan siya ng isang gurong kabilang sa komite. Gayundin ang mangyayari sa mga kasunod hanggang sa pinakahuling kalahok.
5. Lahat ng mga kalahok ay mamamalagi sa isang bukod na silid. Habang ang ibang kalahok ay ay nasa magbukod na silid gaya ng nabanggit sa taas. Ang mga tagasanay naman ay dadalhin sa bukod na silid. Sa oras ng pagtatanghal ng kanyang sinanay, siya ay hahayaang makapanood ng pagtatanghal.
6. Dapat na angkop ang interpretasyon sa pagbasa ng piyesa.
7. likot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang adlib.
8. Pagkatapos ng madulang pagbasa, malayang magbibigay ng ilang tanong ang mga hurado sa kalahok patungkol sa binasa.
9. Ang pasya ng lupon ng inampalan ay pinal at hindi na mababago.
10. Ang nagkamit ng unang puwesto lamang sa pansangay na paligsahan ang magiging lahod sa panrehiyong paligsahan.

Pamantayan:

Interpretasyon (madula)	Pagpapalutang ng Diwa (15%) Pagbibigay-diin sa damdamin (15%) Pagbibigay-buhay sa tauhan (20%)	50%
Tinig	Lakas (5%) Taginting (5%)	10%
Bigkas	Matatas at Maliwanag (5%) May pagbubuklod-buklod ng mga salita (5%) May wastong diin at intonasyon (5%)	15%
Kaangkupan ng diwa at damdamin		10%



Sorsogon Sports Complex, Sorsogon City, Sorsogon 4700
Landline: (056) 421-5415
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph



Pag-unawa sa binasa	15%
Kabuoan	100%

B.2. MASINING NA PAGBASA (BAITANG 3)

1. Isang kuwento ang bibigyan ng interpretasyon sa masining na paraan ng pagbasa. Ang piyesa ay ibibigay sa araw ng paligsahan.
2. Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon ng bawat kalahok sa madulang pagbasa.
3. Bibigyan ng pitong minuto (7) ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon.
4. Habang nagtatanghal ang unang kalahok sa isang bukod na silid kasama ang 3 hurado, at 1 timer, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na magtatagal rin ng pitong minuto sa isa pang bukod na silid. Gagabayan siya ng isang gurong kabilang sa komite. Gayundin ang mangyayari sa mga kasunod hanggang sa pinakahuling kalahok.
5. Lahat ng mga kalahok ay mamamalagi sa isang bukod na silid. Habang ang ibang kalahok ay ay nasa magbukod na silid gaya ng nabanggit sa taas. Ang mga tagasanay naman ay dadalhin sa bukod na silid. Sa oras ng pagtatanghal ng kanyang sinanay, siya ay hahayaang makapanood ng pagtatanghal.
6. Dapat na angkop ang interpretasyon sa pagbasa ng piyesa.
7. likot ang interpretasyon sa pagbasa sa kwento lamang at walang adlib.
8. Pagkatapos ng masining na pagbasa, malayang magbibigay ng ilang tanong ang mga hurado sa kalahok patungkol sa binasa.
11. Ang pasya ng lupon ng inampalan ay pinal at hindi na mababago.
12. Ang nagkamit ng unang puwesto lamang sa pansangay na paligsahan ang magiging lahod sa panrehiyong paligsahan.

Pamantayan:

Interpretasyon (pagbasa)	Pagpapalutang ng Diwa (15%) Pagbibigay-diin sa damdamin (15%) Pagbibigay-buhay sa tauhan (20%)	50%
Tinig	Lakas (5%) Taginting (5%)	10%
Bigkas	Matatas at Maliwanag (5%) May pagbubuklod-buklod ng mga salita (5%) May wastong diin at intonasyon (5%)	15%
Kaangkupan ng diwa at damdamin		10%
Pag-unawa sa binasa		15%
Kabuoan		100%

C. ISKEDYUL NG GAWAIN

Petsa/Oras	Gawain
Oktubre 29, 2021 9:00 n.u <i>Bulwagan ng Karunungan</i> <i>SDO-Sorsogon</i>	Oryentasyon at Pagpupulong ng Komite sa Paligsahan



Sorsogon Sports Complex, Sorsogon City, Sorsogon 4700
Landline: (056) 421-5415
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph



Nobyembre 3, 2021	Pambayang Eliminasyon
Nobyembre 9, 2021	8:00 n.u. - Pambungad na Palatuntunan 8:30 n.u. -Paligsahan sa Masining na Pagbasa (Baitang 3) 11:30 n.u. - Gawad Parangal sa mga nanalo sa Masining na Pagbasa (Baitang 3)
	1:00 n.u - Paglalahad ng Panuntunan ng Gawain 1:30 n.h. -PALigsahan sa Madulang Pagbasa (Baitang 5) 4:00 n.h. -Gawad Parangal sa mga nanalo sa Masining na Pagbasa (Baitang 3)



Sorsogon Sports Complex, Sorsogon City, Sorsogon 4700
 Landline: (056) 421-5415
 Email: sorsogon@deped.gov.ph
 Website: depedsorsogon.com.ph

